Reviewer sa Mother Tongue
Setyembre 5, 2017

## I. KASARIAN NG PANGNGALAN

**A.** Tukuyin ang kasarian ng pangngalang may salungguhit sa pangungusap. Isulat sa kahon ang PL kung panlalaki, PB kung pambabae, DT kung di-tiyak at WK kung walang kasarian.

☐ 1. Pinagsabihan siya ng kanyang tatay.
☐ 2. Binigyan siya ng ninang niya ng regalo noong kaarawan niya.
☐ 3. Nakita niyang umiiyak ang bata.
☐ 4. Pinabura ng guro ang mga sulat sa pisara.
☐ 5. Bumili siya sa ale ng sariwang gulay.
☐ 6. Paborito niyang kasama sa paglalakad ang kanyang ate.
☐ 7. Kulay itim ang sapatos na ginagamit niya pagpasok.
☐ 8. Ang kuya mo ang susundo sa inyo sa paaralan mamayang hapon.
☐ 9. Ang kaibigan ko ay dating miyembro ng tanyag na banda.
☐ 10. Ang pagbayad ng tamang buwis ay tungkulin ng mabuting mamamayan.

**B.** Pangkatin ang mga pangngalan ayon sa kasarian . Isulat ang salita sa tamang hanay.

| | |
|---|---|
| artista | lolo |
| puno | tsinelas |
| mangga | tandang |
| hari | magulang |
| binata | kalaro |

| **Panglalaki** | **Pambabae** | **Di-tiyak** | **Walang kasarian** |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

## II. Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang pangngalan ay konkreto at ( X ) kung di-konkreto.

_____1. kasiyahan
_____2. upuan
_____3. manok
_____4. paggalang
_____5. pag-ibig
_____6. lalawigan
_____7. paaralan
_____8. aklat
_____9. katahimikan
_____10. lapis

## III. SANHI AT BUNGA

**A.** Suriin ang may salungguhit sa pangungusap. Isulat ang **S** sa kahon kung ito ay sanhi at **B** kung bunga.

☐ 1. Unti-unting nawawalan ng matitirhan ang mga hayop sa gubat kaya nasa panganib ang buhay nila
☐ 2. Lumubog ang malaking barko sapagka't ang bilang ng mga pasahero roon ay labis sa kapasidad nito.
☐ 3. Tiniis niya ang kahirapan ng trabaho dahil nais niyang bigyan ng magandang kinabukasan ang kanyang mga anak.
☐ 4. Malaki ang nabago sa hitsura at laki ng kanyang katawan kaya hindi ko siya agad namukhaan.
☐ 5. Tumaas hanggang tuhod ang tubig baha kung kaya't lumikas na ang mga tao mula sa kanilang mga bahay.

LIVEWORKSHEETS